

## **Pamumuhunan sa mga bagong paaralan, mga modernong espasyo**

Marso 1, 2023

Ang Pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan ng \$2.3 bilyon sa susunod na tatlong taon, para sa mga bago at modernisadong silid-aralan.

Ang budyet 2023 ay nagsusuporta ng 58 na mga proyekto, na kinabibilangan ng 13 na mga proyekto sa konstruksiyon, 20 na disenyo, 14 na pagpapalano at 11 na paunang pagpapalano. Sa kabuuan, magkakaroon ng halos 25,000 na bago at karagdang mga espasyo para sa mga mag-aaral sa buong Alberta, na kinabibilangan ng

9,400 na mga bagong espasyo at higit sa 15,500 na mga pinahusay na espasyo sa mga mag-aaral. Kabilang dito ang humigit-kumulang 4,500 na bago at pinahusay na mga espasyo sa Calgary, 4,100 sa Edmonton at 16,300 para sa natitirang bahagi ng lalawigan.

"Ang mga batang mag-aaral ng Alberta ay ang mga pinuno ng komunidad at negosyo sa kinabukasan. Kailangan nila ng mga tamang espasyo upang matamo ang mga bagay at mga kasanayang kinakailangan para maghanda para sa kanilang magandang kinabukasan. Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa ating mga paaralan, tayo ay namumuhunan sa ating mga mag-aaral, habang sa parehong oras ay lumilikha ng mas maraming trabaho at sumusuporta sa lokal na ekonomiya."

*Adriana LaGrange, Ministro ng Edukasyon*

Ang pamumuhunan na ito sa imprastruktura ng edukasyon ay kinabibilangan ng:

- \$372 milyon para sa mga proyekto sa konstruksiyon at disenyo:
  - 10 bagong mga paaralan
  - 16 na kapalit na mga paaralan
  - 7 na modernisasyon

### **Kaugnay na impormasyon**

Alberta.ca/Budget

<https://www.alberta.ca/capital-plan.aspx>

### **Mga katanungan sa media**

Emily Peckham

Press Secretary, Edukasyon

587-985-4305

[emily.peckham@gov.ab.ca](mailto:emily.peckham@gov.ab.ca)

- \$4 milyon para suportahan ang mga aktibidad sa pagpapalano tulad ng pagsusuri sa lugar at pagbuo ng saklaw para sa mga 14 na proyekto
- \$1 milyon para sa paunang-plano ng 11 konseptwal na proyekto na inaasahang magiging mataas na prioridad na pangangailangan para sa mga sakop ng paaralan.
- \$1 bilyon upang ipagpatuloy ang trabaho sa mga naunang inihayag na mga proyekto
- \$300 milyon sa loob ng tatlong taon sa mga kontroladong proyektong kapital ng awtoridad ng paaralan
- \$279 milyon para suportahan ang pagpapanatili at pagpapanibago ng mga kasalukuyang gusali ng paaralan sa pamamagitan ng Capital Maintenance at Renewal Program
- \$171 milyon para suportahan ang pampublikong imprastruktura ng charter school, kabilang ang pamumuhunan para sa Charter Hub sa Calgary
- \$43 milyon para pondohan ang mga pagpapaganda sa pasilidad para sa matagumpay na mga aplikante sa kolehiyo
- \$93 milyon para sa mga programang modular na klase upang matugunan ang mga kagyat na pangangailangan sa espasyo sa buong lalawigan

"Ang gobyerno ng Alberta ay namumuhunan sa mga kritikal na proyekto sa imprastruktura na kinabibilangan ng pagpapahusay at pagtatayo ng mga mataas na kalidad na paaralan, upang matiyak na maipapadala ng mga Albertan ang kanilang mga anak sa mga paaralan sa kanilang mga lokal na komunidad. Ang aming tuon ay sa pagtiyak na ang mga proyektong ito ay maihahatid sa tamang oras, nasa badyet at kung saan sila kinakailangan."

*Nathan Neudorf, Ministro ng Imprastruktura*

Ang pagkakaroon ng angkop na mga lugar ay isa sa pinakamalaking hadlang at dahilan ng pagkaantala sa mga proyekto ng paaralan. Kaya naman, sa pamamagitan ng Badyet 2023, ang gobyerno ng Alberta ay gumagawa din ng bagong School Planning Program na magsisilbing malinaw na "pipeline" para sa paparating na mga proyekto ng paaralan upang maisakutuparan sa sandaling maaprubahan ang pormal na pondo sa konstruksiyon. Labing-apat na proyekto ng paaralan ang magsisimula sa pagpapalano at pagbuo ng lokasyon sa pamamagitan ng bagong programang ito habang ang karagdagang 11 na mga proyekto ay tatanggap ng paunang-planong pagpopondo upang tumulong sa pagbuo ng mga opsyon sa nasasakupan.

Ang programa sa pagpapalano ay inilaan upang pahintulutan ang karagdagang pagpapa-unlad ng nasasakupang proyekto at mga gawain sa pagsisiyasat sa lugar. Makakatulong din ito upang linawin ang mga potensyal na panganib at tukuyin ang mga diskarte at gastos sa pagpapagaan. Ang layunin ay upang bigyan ang mga lupon ng paaralan ng mga mapagkukunan na kinakailangan nila upang alisin ang mga hadlang at mas mahusay na iposisyon ang proyekto para sa pagsasaalang-alang ng pag-apruba sa disenyo at konstruksiyon sa mga siklo ng badyet sa hinaharap, na inaasahang bawasan ang pagtaas ng gastos at bawasan ang mga pagkaantala at abala sa iskedyul.

“Ang Calgary Catholic Board of Trustees ay nagpapasalamat para sa mga proyektong kapital na inihayag ngayon para sa Calgary Catholic School District (CCSD), na kinabibilangan ng kumpletong pagpopondo para sa K-9 na paaralan sa Nolan Hill upang maglingkod sa mabilis na lumalagong komunidad na ito. Inaasahan naming matatanggap ang kumpletong pagpopondo sa konstruksiyon para sa mataas na paaralan ng Rangeview at Chestermere K-9 na paaralan sa lalong madaling panahon, pagkatapos makumpleto ang proseso ng disenyo. Ang mga proyektong ito ay nangangailangan ng agarang atensyon, dahil sa kritikal na pangangailangan para sa imprastruktura ng paaralan at mataas na bilang ng paggamit ng CCSD sa mga komunidad na ito. Pinahahalagahan ng CCSD ang pangako sa paunang pagpapalano tungo sa pagtatayo ng K-9 na paaralan sa Redstone, ang pagdaragdag/pagpapahusay ng Bishop McNally High School at ang pagtatayo ng bagong west-end high school.”

*Cathie Williams, board chair, Calgary Catholic School District*

“Sa ngalan ng mga mag-aaral ng CBE at kanilang mga pamilya, nagpapasalamat kami sa Gobyerno ng Alberta para sa anunsyo ng planong kapital. Ang mga pambihira at napapanahong pamumuhunan na ito sa imprastruktura ay mahalaga upang suportahan ang mga pagkakataon sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa loob ng aming sistema. ”

*Laura Hack, board chair, Calgary Board of Education*

“Ito ay isang kapana-panabik na araw para sa Elk Island Public Schools, para sa komunidad at lalo na para sa mga mag-aaral ng École Campbelltown at Sherwood Heights Junior High. Ang isang moderno, mahusay na kagamitan at mahusay na gusali ay magbibigay-daan sa amin na patuloy na mag-alok ng de-kalidad na edukasyon na kailangan ng mga mag-aaral upang magtagumpay sa silid-aralan at makakatulong sa pagpapagaan ng mga panggigipit sa paglago na kinakaharap namin sa Sherwood Park. ”

*Trina Boymook, board chair, Elk Island Public Schools*

## Mga mabilisang kaalaman:

- Kasama sa buong aktibidad sa pagpopondo sa konstruksiyon ang pagtatayo at pagsusuri ng post-occupancy.
- Kasama sa mga aktibidad sa pagpopondo sa disenyo ang paghahanda ng mga dokumento ng kontrata sa konstruksiyon tulad ng mga guhit at mga detalye.
- Kasama sa pagpapalano ng mga aktibidad sa pagpopondo ang pagsusuri sa lugar at mga aktibidad sa pagpapalano ng nasasakupan.
- Ang paunang pagplano ng pagpopondo ay nagbibigay-daan sa isang konseptwal na proyekto na tukuyin ang mga elemento ng saklaw, mga prioridad sa paprograma at kabilang ang mga aktibidad tulad ng pakikipag-ugnayan sa komunidad.
- Upang suportahan ang proseso ng paggawa ng desisyon para sa paghahatid ng mga proyektong pang-imprastruktura, ipinasa ng Ministeryo ng Imprastruktura ang *Infrastructure*

*Accountability Act* noong Disyembre 2021. Binabalangkas ng Batas na ito kung paano inuuna ng lalawigan ang mga proyekto para sa taunang Capital Plan.

- Gaya ng isinabatas ng Batas, inilathala din ng gobyerno ang *Building Forward: Alberta's 20-Year Strategic Capital Plan* noong Disyembre 2021, na nagbibigay ng blueprint para sa pangmatagalang pamumuhunan sa imprastruktura at pag-unlad sa Alberta.
- Ang mga desisyon sa badyet ng pamahalaan ay ginawa alinsunod sa Batas at ginagabayan ng Strategic Capital Plan upang matiyak na ang mga pamumuhunan sa hinaharap ay makikinabang sa mga Albertan.
- Ang mga kasosyo ng gobyerno, tulad ng mga munisipalidad at mga lupon ng paaralan, ay makakapagplano rin para sa pagpopondo ng kapital na alam ang pangmatagalang direksyon ng pamahalaan.

### Badyet 2023 mga proyekto sa paaralan – buong pagpopondo sa konstruksiyon (13):

Komunidad	School division	Uri ng proyekto/Pangalan
Airdrie	Conseil scolaire FrancoSud	bagong paaralang sekondarya
Calgary	Calgary Board of Education	modernisasyon ng John G. Diefenbaker High School
Calgary	Calgary Roman Catholic Separate School Division	bagong K-9 paaralan sa Nolan Hill
Edmonton	Conseil scolaire Centre-Nord	solusyon para sa École Michaëlle-Jean at École Gabrielle-Roy
Edmonton	Edmonton Public School Board	bagong K-9 na paaralan sa Edgemont
Lethbridge	Holy Spirit Roman Catholic Separate School Division	bagong K-6 na paaralan sa west Lethbridge
Lethbridge	Conseil scolaire FrancoSud	Proyekto sa gym ng École La Vérendrye
Okotoks	Christ the Redeemer Catholic Separate School Division	kapalit ng École Good Shepherd School
Penhold	Chinook's Edge School Division	kapalit ng Penhold Elementary School
Raymond	Westwind School Division	bagong high school
Sherwood Park	Elk Island School Division	solusyon para sa Sherwood Park
Valleyview	Northern Gateway School Division	solusyon para sa Valleyview
Waskatenau	Lakeland Roman Catholic Separate School Division	kapalit ng Holy Family Catholic School

### Badyet 2023 mga proyekto sa paaralan – pagpopondo sa disenyo (20):

Komunidad	School division	Uri ng proyekto/Pangalan
Airdrie	Rocky View School Division	bagong K-8 na paaralan sa timog-kanluran ng Airdrie

Barrhead	Pembina Hills School Division	modernisasyon at pag-aayos ng Barrhead Composite High School
Blackfalds	Red Deer Catholic Separate School Division	bagong K-5 na paaralan
Bow Island / Burdett	Prairie Rose School Division	solusyon para sa Bow Island at Burdett
Breton	Wild Rose School Division	modernisasyon at pag-aayos ng Barrhead Composite High School
Brooks	Grasslands School Division	kapalit ng Brooks Junior High School
Chestermere	Calgary Roman Catholic Separate School Division	bagong K-9 na paaralan
Calgary	Calgary Roman Catholic Separate School Division	bagong high school sa Rangeview
Edmonton	Edmonton Catholic Separate School Division	solusyon para sa Rundle Heights
Edmonton	Edmonton Public School Board	bagong junior/senior high school sa Glenriding Heights
Fort McMurray	Conseil scolaire Centre-Nord	kapalit ng K-12 École Boréale
Lac La Biche	Northern Lights School Division	kapalit ng Vera M. Welsh School
Leduc	Black Gold School Division	modernisasyon ng École Corinthia Park School
Mallaig	St. Paul School Division	kapalit ng École Mallaig School
Medicine Hat	Medicine Hat Roman Catholic Separate School Division	kapalit ng St. Francis Xavier School
Nanton	Livingstone Range School Division	solusyon para sa Nanton
Red Earth Creek	Peace River School Division	kapalit ng Red Earth Creek School
Spruce Grove	Parkland School Division	kapalit ng Spruce Grove Composite High School
Taber	Horizon School Division	modernisasyon ng mga paaralan ng WR Myers at DA Ferguson
Wainwright	Buffalo Trail School Division	kapalit ng Wainwright School

## Badyet 2023 – Mga proyekto sa Programa sa Pagpapalano ng Paaralan (14):

Komunidad	School division	Uri ng proyekto/Pangalan
Airdrie	Rocky View School Division	bagong baitang 9-12 na paaralan
Calgary	Calgary Board of Education	modernisasyon ng Annie Gale School
Calgary	Calgary Board of Education	bagong high school sa Cornerstone
Coalhurst	Palliser School Division	modernisasyon ng Coalhurst High School
Donnelly	High Prairie School Division	G. P. Vanier School
Edmonton	Edmonton Catholic Separate School Division	bagong K-9 na paaralan sa Heritage Valley Cavanagh
Edmonton	Edmonton Public School Board	bagong K-6 school sa Rosenthal

Edmonton	Edmonton Public School Board	bagong elementarya sa Glenriding Heights
Fort McMurray	Fort McMurray School Division	modernisasyon ng Westwood Community High School
Grande Prairie	Peace Wapiti School Division	bagong high school sa hilaga ng Grande Prairie
Lethbridge	Lethbridge School Division	modernisasyon ng Galbraith Elementary School
Okotoks	Foothills School Division	bagong high school
Stettler	Clearview School Division	modernisasyon at karagdagan sa Stettler Middle School
Strathmore	Golden Hills School Division	kapalit ng Westmount School

### Badyet 2023 – Mga proyekto ng Programa ng Paunang-Pagpapalano (11):

Komunidad	School division	Uri ng proyekto/Pangalan
Calgary	Calgary Board of Education	modernisasyon ng AE Cross School
Calgary	Calgary Board of Education	modernisasyon ng Sir John A. Macdonald School
Calgary	Calgary Board of Education	bagong Saddle Ridge middle school
Calgary	Calgary Roman Catholic Separate School Division	bagong elementarya sa Redstone
Calgary	Calgary Roman Catholic Separate School Division	karagdagan sa Bishop McNally High School
Calgary	Calgary Roman Catholic Separate School Division	bagong high school sa kanluran ng Calgary
Chestermere	Rocky View School Division	bagong K-9 na paaralan
Cochrane	Rocky View School Division	bagong K-5/K-8
Edmonton	Edmonton Catholic Separate School Division	bagong hilagang K-9 na paaralan
Edmonton	Edmonton Public School Division	bagong junior high school sa Pilot Sound/McConachie
Red Deer	Red Deer Public Schools	bagong middle school sa hilagang-silangan